# Pagninilay Mula sa Aklat ng Ruth Yugto 3

***"19 Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi?20 At sinabi niya sa kanila, Huwag na ninyo akong tawaging Noemi, tawagin ninyo akong Mara: sapagka't ginawan ako ng kapaitpaitan ng Makapangyarihan sa lahat.21 Ako'y umalis na puno, at ako'y iniuwi ng Panginoon na walang dala. Bakit ninyo ako tinatawag na Noemi, yamang ang Panginoon ay nagpatotoo laban sa akin, at dinalamhati ako ng Makapangyarihan sa lahat?22 Sa gayo'y nagsibalik si Noemi at si Ruth na Moabita, na kaniyang manugang na kasama niya, na nagsibalik mula sa lupain ng Moab: at sila'y nagsidating sa Bethlehem sa pasimula ng pagaani ng sebada." (Ruth 1:19-22)***

Ating ipapagpatuloy sa mensaheng ito kung anong ating nasimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth tungkol sa pamilya ni Elimelech. Natalakay na natin kung paanong ibinigay ni Noemi ang kanyang mensahe sa kanyang dalawang manugang na babae at kung paanong si Ruth ay nanatili sa kanya subalit si Orpah ay nilisan siya.

Mayrooon sa Banal na Kasulatan mula sa bibig ni Jesus, sinabi nito ang sumusunod: ***''Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyanang babae:" (Mateo 10:35)*** Binanggit ni Jesus dito na Siya ay darating upang pagalitin ang manugang na babae laban sa kanyang biyenang babae. Katotohanang iyon ay natupad nang nilisan ni Orpah si Noemi, sapagkat ang nasa isip ni Orpah ay wala sa kaisipan ng Diyos. Sa gayon sa karunungan na ginamit ni Noemi, inihiwalay niya ang kanyang sarili mula kay Orpah, ngunit hinayaan niya si Ruth na manatili sa kanya. Si Ruth ay nanatili kay Noemi sapagkat siya ay may ganap na kasunduan sa kanya, ***"19 Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi?" (Ruth 1:19)*** Ito ay malaking biyaya kapag ang dalawang tao ay sumangayon sa Diyos at sa Salita ng Diyos at sa mga plano ng Diyos. Ang paglalakbay ay naging madali kapag ang Diyos sa sumasaiyo at kapag ang Diyos ay may inilagay na tao na nakipagkasundo sa Kanya at sa iyo na Kanyang lingkod. Ito'y nagpaalala sa akin sa kung anong sinabi sa aklat ng Amos, ***"Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?" (Amos 3:3)***

Hindi mahalaga kung ilang tao ang kasama mo, ngunit ang kanilang pakikipagkasundo sa iyo ang pinakamahalaga. *Ito ang iyong pakikipagkasundo sa Salita ng Diyos na ang mga tao ay sasangayon sayo, hindi ko sinasabi na ang mga tao ay makikipagkasundo sa iyo sa maling mga bagay, kundi sa Salita ng Diyos. * Ang pananaw ay magiging matagumpay sa mga taong makikipagkasundo at hindi sa mga hindi makikipagkasundo sa iyo. Paano ang mga tao na hindi makikipagkasundo sayo? Sila'y walang epekto hangga't ikaw ay nasa pakikipagkasundo sa Salita ng Diyos at hangga't sila ay lumayo sa iyo, gaya nang nangyari dito kay Orpah na lumayo mula kay Noemi. Isipin mo kung siya ay kasama nila. Siya ay gagawa ng walang kwentang bagay sa gitna at magdudulot ng kaguluhan kay Noemi. Maaring siya ay maghanap ng kasintahang lalaki, mangutang ng salapi, atbp. Ako ay nagdaan at nagdusa nang dahil sa mga taong katulad ni Orpah na nasa akin. Matapos ang pag-alis mg mga taong katulad ni Orpah ay ang panahon upang itapon ang pananaw at pag-ugyok. Sa gayo'y ano ang kailangan mong gawin upang matupad ang pananw ng ibinigay ng Diyos sa iyo ay upang panatilihin ang iyong sarili sa panig ng Diyos at ingatan ang mg tao na sumasang-ayon sa Salita ng Diyos, para makatiyak din na papaalisin yung mga labag sa pananaw na ibinigay ng Diyos sa iyo at sa mga labag sa Kanyang Salita.

Sa paraan ng pagtatapon ng pananaw, doon ka magrooon ng halo halong tao na kasama mo. Ang ilan ay sasang-ayon at ang ilan ay hindi. Maraming mga tao na nasa palibot mo at kasama mo ay katulad ni Orpah at ito ay malaking biyaya sayo kung sila ay lalayo mula sayo. Anong pagpapala kung aalisin ng Diyos ang iyong kasintahang babae, o aalisin ang iyong kasintahang lalake o ang iyong pinakamatalik na kaibigan. O maniwala ka ang lahat ng ito ay makamundong mga bagay, at sila'y katulad ni Orpa, sila ay may magandang pangalan ngunit walang saysay sa harapan ng Diyos at kung ito ay walang pakinabang sila ang magpapahamak sa iyo, at sila ay tagapagsayang ng iyong panahon at pinagkukunan. * Kapag yaong mga hindi sumangayon ay lumayo, Ikaw ay pinagpala. * Tayo ay pinagpala sa bawat panahon na inaalis ng Diyos ang mga taong katulad ni Orpa mula sa atin. Ang pahayag na pagalis na hakbang ni Orpa ay pinagpalang hakbang na tayo at sa mga nanatili sa atin, na nanatili kasama sa simbahan, ay makakilos ng madali sa ilalim ng pagpapahid ng Banal na Espiritu na kumikilos patungo sa patutunguhan na idinedirekta sa atin ng Diyos upang kumilos. Iyon ay kung paano natin makikita ang pag-uudyok. Hindi tayo kaawa awa kundi tayo ay magiging maganda sapagkat makikita natin ang Diyos ay talagang kumikilos kasama natin. Ganon din bahagi ng ating katapatan bilang Simbahan ng Diyos hindi dapat natin panatilihin ang mga taong gaya ni Orpa upang panatilihin lamang ang bilang o panatihin ang dami.

Si Noemi at si Ruth, dalawang tao, nang may lubos na pakikipagkasundo, nakamit nila ang malaking ministerio para sa Diyos. Sa huli si Boaz ay nakasama nila at ang Diyos ay gumawa ng malaking pagsabog sa pamamagitan ng kanilang buhay. Isang kamangha-manghang pangkat gawa ng tatlong dakilang mga tao anong pagpapala! Pagkatapos ni Boaz, si Obed ay dumating, pagkatapos si Jesse ang sumunod, pagkatapos si David, pagkatapos si JesuCrsito at ang biyaya ng Diyos.
Sa parehong paraan,

- Si Noe at ang kanyang asawa at kanyang tatlong anak at ang kanilang asawa ay gumawa ng malaking gawain.
- Si Abraham at si Isaac sa pagkakasundo ay gumawa ng malaking ministerio sa Diyos sa ***Genesis 22.***
- Si Jonathan at ang kanyang tagapagdala ng sandata ay gumawa ng malaking paglilingkod sa Diyos.
- Ang tatlong mga kaibigan ni Daniel, gumawa ang Diyos ng malaking pasabog sa pamamagitan ng kanilang buhay.
- At iba pa.

***"Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi?" (Ruth 1:19)*** Ang buong bayan ay napataka sa kanila sapagkat ang Diyos ay kumilos at sinamahan sila. Kapag tayo ay gumawa ng mabuting bagay, ang Diyos ay kikilos kasama natin at pupukawin ang mga lugar at ang mga taong iyon ay pakikilusin.

Kanilang sinabi, ***"Ito ba'y si Noemi?"*** Isang malaking tanong., at isang pagtataka na bilang siya ay nagbalik; parang sila'y nagtatanong sa isa't isa, siya ba talaga ay nagbalik. Anong nangyari? Bakit siya ay nagiisa? Talagang ibinalik siya ng Diyos kung saan dapat siya nararapat? Nasaan ang kanyang asawa? Nasaan ang kanyanga mga anak? Sino ang babaeng kasama niya? Ang lahat ng mga katanungan ay kinakailangan na masagot at si Noemi ay handa na sagutin sila nang sapat namaayos. Ang nagsisising si Noemi ay hindi nahiya na harapin ang mga tao at sagutin ang kanilang mga katanungan at upang ipaliwanag sa kanila.
Ang mga nagsisising mga tao ay magbibigay ng kasiya-siyang mga sagot.

"***20 At sinabi niya sa kanila, Huwag na ninyo akong tawaging Noemi, tawagin ninyo akong Mara: sapagka't ginawan ako ng kapaitpaitan ng Makapangyarihan sa lahat." (Ruth 1:20)*** Narito ang kanyang sagot sa kanila na may katapatan, hindi niya itinago sa kanila na hinarap sila ng Diyos ng maayos at dinisiplina siya. Marami sa mga hindi nagsisisi, kapag sila ay umalis at makatagpo sila at maari mong tanungin kung kumusta sila. Itatago nila sa iyo ang kanilang pamimighati dahil sa kanilang mga kasalanan, kanilang pagtatakpan ang kanilang mga paghihirap dahil sila'y hindi nagsisi at ayaw nilang ipahayag ang pagdidisiplina ng Diyos sa kanila sapagkat sila ay nahihiya na ipahayag ang kanilang kasawian dahil sa kanilang pagsuway patungo sa Diyos.

Sa kanilang ginawa, hinihimok nila ang ibang tao na maghimagsik laban sa Diyos. Sa halip ng pagtatapat ng kanilang pagdurusa, at himukin ang iba na bumalik, ipinagmamalaki nila ang ibang bagay bilang pagpapala mula sa Diyos upang pagtakpan ang kanilang kahihiyan, at kanilang inililigaw ang iba, at linlangin sila na pumaroon at patuloy na maging masuwayin sa Diyos. Kanilang itatanggi pa ang paghihikayat ng Banal na Espiritu na gawin nila. Paano nila gagawin iyon? Gagamit sila ng make-up, mga salu-salo, sila ay gagamit ng facebook, Instagram at ibang pang social medias upang magpakita ng mga larawan para takpan ang disiplina ng Diyos sa kanila at ang kanilang kahihiyan.

Ipinagtapat ni Noemi sa kanila ang lahat ng bagay ng maliwanag: ***"Ako'y umalis na puno, at ako'y iniuwi ng Panginoon na walang dala. Bakit ninyo ako tinatawag na Noemi, yamang ang Panginoon ay nagpatotoo laban sa akin, at dinalamhati ako ng makapangyarihan sa lahat?" (Ruth 1:21)*** Sinabi niya sa kanila ang katotohanan na dinalamhati siya ng Diyos at yaon ang patotoo ng Diyos laban sa kanya. Sinabi niya sa kanila, nang lumisan siya sa Betlehem siya ay puno, at nang siya ay bumalik siya ay hungkag. Sila'y magpapatotoo sa mga umalis ng simbahan sila ay mayroong ipon, subalit ngayon sila ay nasa pagkakautang. Sa mga hindi nagsisi hindi nila ipapahayag ang ganoon. Sa ganitong uri ng pag-uugali mas dadalamhatin pa sila ng Diyos. Ngunit si Noemi ay tapat. Hini niya tuwirang sinabi sa kanila na lahat ng ginawa niya at ng kanyang asawa ay nabigo, at siya ay nagsisisi sa kanyang ginawa, nang sinabi niya sa kanila ***Ako'y umalis na puno,*** ibig sabin ang kanyang pasya ay talagang mali, Siya ay puno, sa gayon bakit sila umalis ng Betlehem? Sapagkat ayaw nilang magpakasakit, ganapin ang responsibilidad at gawin ang kanilang bahagi patungo sa Betlehem at sa Simbahan ng Diyos sa panahon ng taggutom at sa panahon ng pagdadalamhati.

Sa lahat ng mga nang-iwan sa akin at iniwan ang simbahan, ginawa nila iyon pagkatapos nilang magpakabusog at may mga pakpak at kayang lumipad kaya sila ay umalis sapagkat nakuha na nila ang kanilang kinakailangan at ngayon sila'y pumunta para magpakasaya sa buhay ng walang pagtatalaga. Malaking bilang ang mga umalis sinabi nilang salamat sa iyong pagtuturo sapagkat ito'y nakatulong sa kanila upang makamit ang mabubuting bagay, ngunit sila'y umalis dahil ayaw nilang gawin ang kanilang bahagi at mga pananagutan patungo sa Diyos at dumaan sa makipot na daan. Karamihan sa kanila pagkatapos makalikom ng malaking halaga ng ipon, at nakuha ang lahat ng mabubuting bagay at lumayo sa Diyos at sa Kanyang simbahan para mamuhay ng nagiisa, malayang buhay, nang walang pagtatalaga at walang dinadalang kabigatan sa Diyos. Kagaya ng naligaw na anak, siya ay umalis ng sagana, at kinuha ng kanyang bahagi mula sa ama upang magpakasaya sa kanyang makamundong buhay, ngunit bumalik ng hungkag. Wala akong nakita na hanggang ngayon sa isang taong umalis sa Simbahan ng Diyos at naging matagumpay. Sa mga oportunista sa Diyos at mandaraya, Alam Niya paano sila hawakan. Alam ng Diyos kung paano sila disiplinahin at harapin ang mga mandadaya sa Kanya. ***"Sa dalisay ay pakikilala kang dalisay; at sa matigas na loob ay pakikilala kang mapagmatigas." (Awit 18:26)***
Bakit tayo bilang simbahan ay dumadaan sa pamamagitan ng taggutom sapagkat tayo ay pinaguusig. Maraming tao na iniwan tayo ay dahil hindi tayo nakipagkompromiso sa kanila at hindi tayo sa sumangayon sa kanila sa kanilang masasamang plano at paraan, at sa kanilang paglisan at paghihimagsik pinigilan nila ang kanilang sarili mula sa pagbabahagi ng alinmang bagay sa simbahan. Ganon din, hihilahin nila ang iba bilang paghihiganti at sinusubukang pagtibayin ang kanilang pag-aaklas upang hayaang sumuko ang simbahan sa kanilang kagustuhan. Hindi tayo susuko sa anumang baluktot na paraan at ang Panginoon ang magbibigay sa atin ng Kanyang probisyon at masagana Niyang tutustusan tayo, at patuloy Niyang tutustusan tayo, at ibibigay ang lahat ng mabubuting bagay para sa atin. * Tayo ay katulad ng Betlehem at mag-aani sa lahat ng panahon. * Sa mga umalis, ang pinaka mabuti na kanilang ginawa ay pumunta sa Moab, ngunit sila ay nasa kaguluhan sa malao't madali.

Ang aking payo sa iyo na nakarinig ng mensahe ay bumalik sa Diyos at manatili kung saan ka itinalaga ng Diyos. Pananatilihin ka ng Diyos kung ikaw ay tatalima sa Kanya at handang dumaan sa makipot na daan na nais ng Diyos na pagdaanan mo kasama namin.

Sinabi ni Noemi sa kanila ***''Huwag na ninyo akong tawaging Noemi",*** at muli "***bakit ninyo ako tinatawag na Noemi, yamang ang Panginoon ay nagpatotoo laban sa akin,"*** Siya ay tapat sa kanila at sa pagsisisi gaya ng nawawalang anak, nang siya ay nagpasyang bumalik sa Diyos at sa Kanyang bahay, siya'y nagpasyang sabihin ang sumusunod sa Kanyang Ama, *"18* ***Magtitindig ako at paroroon***

***sa aking ama, at aking sasabihin sa kaniya, Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin: 19 Hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo: gawin mo akong tulad sa isa sa iyong mga alilang upahan." (Lucas 15;18-19)***

Sinabi sa kanila ni Noemi, "***tawagin ninyo akong Mara'' (Ruth 1:20)*** Ang ibig sabihin ng Mara ay mapait, o napakapait, isinalarawan niya ang kapighatian na siya ay naroroon sapagkat iniwan niya ang Diyos at iniwan ang Betlehem at ang Kanyang simbahan. Ang ganitong pag-uugali ay nag-anyaya ng mga pagpapala ng Diyos. Narito ang sinasabi ni Noemi sa bayan ng Betlehem, hindi lamang ang kanyang masamang kalagayan, sapagkat iniwan niya ang Diyos, ngunit binabati sila, sapagkat sila ay nanatili kung saan ninais ng Diyos sila ay manatili at iningatan ang pagpapala na ibinigay sa kanila ng Diyos.

"***Sa gayo'y nagsibalik si Noemi at si Ruth na Moabita, na kaniyang manugang na kasama niya, na nagsibalik mula sa lupain ng Moab: at sila'y nagsidating sa Bethlehem sa pasimula ng pagaani ng sebada." (Ruth 1:22)*** Ang dalawa ay nagbalik at iyon ang pinakamabuti at dakilang pagsisimula. Ang dalawa ay nagalak na nakabalik; sila ay pinagpala sa isa't isa. Ang layo ng kanilang paglalakbay mula Moab hanggang Betlehem ay humigit kumulang na 60 milya (96 km) na kinakailangan nilang tumawid ng mga ilog, at ilan sa mga ito ay daan patungo sa mga kabundukan. Ang paglalakbay ng pagbabalik sa Diyos ito ay maaring mahirap, ngunit ito'y sulit na maglaan at magpakapagal doon. Sila'y bumalik sa magandang panahon. Sinalubong sila ng Diyos ng pag-aani. Mayroong pag-aani sa Betlehem, at isang palay ng pag-aani mula sa Diyos ay mas mabuti mula sa pinakamayamang bagay sa Moab.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ikaw na lumayo sa Diyos, mula sa Kanyang kalooban, at mula sa Kanyang bahay, ang Diyos at kami ay naghihintay sayo. ***"At siya'y nagtindig, at pumaroon sa kaniyang ama. Datapuwa't samantalang nasa malayo pa siya, ay natanawan na siya ng kaniyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan." (Lucas 15:20)*** Ang Diyos ay naghihintay sayo upang bumalik para pagpalain ka. ***"Datapuwa't sinabi ng ama sa kaniyang mga alipin, Dalhin ninyo ritong madali ang pinakamabuting balabal, at isuot ninyo sa kaniya; at lagyan ninyo ng singsing ang kaniyang kamay, at mga panyapak ang kaniyang mga paa:23 At kunin ninyo ang pinatabang guya, at inyong patayin, at tayo'y magsikain, at mangagkatuwa:" (Lucas 15:22-23)***

Tayo ay may pag-aani sa Diyos sa lahat ng panahon at tayo ay sagana sa pagpapala at biyaya ng Diyos. Bilang ikaw ay lumalapit sa Diyos makikita mo ang pag-aani sa iba't ibang bagay na ibibigay sa atin ng Diyos. Ang Panginoon ay patuloy na ibubuhos sa atin ang Kanyang pagpapala at ang Kanyang probisyon hangga't tayo ay lumalakad sa tolda ng Diyos at gagabayan ng Banal na Espiritu, at sa mga magsisibalik ay makikibahagi sa atin ng pagpapala ng Diyos, at ito ay isang kagalakan na gumawa kasama ng mga taong kagaya ni Noemi at Ruth.

***Aking Panalangin:*** Amang Diyos, Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako ay nagpapasalamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ang iyong mga paraan at ng kalooban sa aking buhay.

Tayo ay magsisi at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan. Panginoon ako ay nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan____________. Magsisi mula sa iyong pagmamalaki, pagsisinungaling, pagmamataas, at kawalan ng kababaang loob.

Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili sa mga layunin na aking natanggap mula sa iyong Salita. Panginoon ako ay babalik sayo, sa iyong salita, sa iyong kalooban, at sa plano na itinalaga mo para sa akin. Panginoon handa akong dumaan sa paglalakbay na ito upang maglaan at magpagal, hanggang ako ay nasa iyong sakdal na plano at kalooban. Panginoon bigyan ako ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng kahinahunan, at pagtitiyaga at magkaroon ng katangian at paguugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon pusposin ako ng Banal na Espiritu upang pumaroon at ipangaral ang iyong Salita at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at idisipolo sila.

Panginoon ipinapanalangin ko na alisin mo sa akin at mula sa iyong simbahan ang mga hindi sumasangayon sa iyo at sa iyong Salita, at yaon ay magdala sa akin at sa iyong simbahan ng mga sasangayon sa iyo at sa iyong Salita.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na itinalga ang kanilang sarili sa layunin ng iyong mensaheng ito, sa mga nagsisi at bumalik sa kanilang pagiisip at ipinakumbaba ang kanilang sarili sa harap mo na sumunod at isalapat ang iyong Salita sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila, ibigay sa kanila ang higit pang biyaya, Panginoon, aliwin sila, itaas sila, alagaan sila, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan at pagpalain sila ng pag-aani.

Panginoon ako'y nanalangin na tutulungan mo kami bilang isang simbahan: Panginoon pusposin kaming muli ng Banal na Espiritu sa gayo'y kami'y makaparoon at magebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad at buuin ang gawain na itinalaga na gawin namin. Panginoon punuin kami ng iyong pagibig patungo sa mga bumalik sa iyo na tatanggapin namin at aalagan sila gaya ng nais mo upang gawin namin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kami na magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com